Pebrero 2024



# Aksyon para sa kinabukasan ng mga bata

— 2024 —



Pocketbook

TOKYO
METROPOLITAN
GOVERNMENT

# Detalyadong aksyon tungo sa realisasyon ng Tokyo para sa Children first

## Makinig nang mabuti sa tinig at damdamin ng mga bata

Mula sa pangunahing pananaw na "Proteksyon sa kanilang karapatan" Pinakamahalaga na i-update ang Polisiya para sa mga bata

Ayon sa "Aksyon para sa kinabukasan ng mga bata"

Makikipag-usap kami sa mga bata

At lilikhain ang "Ngayon" at "Hinaharap" kasama ang mga bata

# Aksyon para sa kinabukasan ng mga bata 2024

**Pocketbook**

## Talaan ng nilalaman


Pagpapakita ng aktuwal na sitwasyon, tinig at damdamin ng mga bata sa polisiya para sa mga bata ........ 2

Kamusmusan at pagpapalaki ng Bata ........ 4

Paglikha ng koneksyon sa pagpapalaki ng mga Bata ........ 6

Pagsusulong ng "laro" na maghahatid ng ngiti sa mga Bata ........ 10

Paglikha ng kapaligiran kung saan ligtas ang mga Bata mula sa mga aksidente ........ 12

Suporta para sa mga Young Carers ........ 14

Suporta para sa mga Bata na ang sariling wika ay hindi Hapones ........ 16

Pangangalaga sa kalusugan ng mga Bata ........ 18

Pagpapalaki sa mga batang nag-aaral ........ 20

Pagsusulong ng Smile Movement ng mga bata ........ 22


Pagsusulong ng "Ikugyo" ........ 24

# Pagpapakita ng aktuwal na sitwasyon, tinig at damdamin ng mga bata sa polisiya para sa mga bata

**Mula sa pangunahing pananaw na "Proteksyon sa kanilang karapatan" ia-update ang Polisiya para sa mga bata**

## Kunin ang opinion ng mga bata nang malawakan

**Narinig namin ang aktuwal na tinig ng mga bata**




## Direksyon sa pagpapalakas ng polisiya

- **Kunin ang opinyon at ebidensya (aktuwal na situwasyon at kamalayan) ng mga bata sa bawat antas, tulad ng pag-unawa sa kasalukuyang sitwasyon, pagpaplano, at pagpapatupad, at kung kailangan ay i-update ang polisiya para sa mga bata ayon sa sitwasyon.**

# Pagsusulong sa polisiya para sa mga bata gamit ang opinyon at ebidensya (aktuwal na sitwasyon at kamalayan) ng mga bata

Pagpaplano

**Opinyon ng 18,000 na bata**

- On-site classes
- Interbyu tungkol sa lulugaran ng mga bata
- Survey gamit ang SNS
- Children's Metropolitan Government Monitor
- Workshop atbp. para sa bawat gawain

Pagsasagawa

Pagunawa sa sitwasyon

**Aktuwal na sitwasyon at kamalayan ng mga bata**

- Fixed point survey tungkol sa mga bata "Tokyo Children's Questionnaire"

# Kamusmusan at pagpapalaki ng Bata

## Pagpapapayaman sa pag-aaral at karanasan ng mga sanggol at mga bata

Henerasyon ng **VUCA**, pumupukaw ng atensyon ang **non-cognitive skills**

| | | |
|---|---|---|
| **VUCA** | **V**olatility(Pagbabago) | **U**ncertainty(Hindi sigurado) |
| | **C**omplexity(Pagkakumplikado) | **A**mbiguity(Amibguity kalabuan) |

### Non-cognitive skills

**Kakayanan ng isip** tungkol sa **sarili**
- **Tiwala sa sarili**
- **Kumpirmasyon sa sarili**
- **Hangarin**
- **Tibay**

**Kakayanan ng isip** tungkol sa **sosyalidad**
- **Kakayanang unawain ang isip**
- **May pakikiramay**
- **Konsiderasyon**
- **Pagiging matulungin**

**Kamusmusan**＝**Mahalagang panahon** sa paghubog ng non-cognitive skills

## Direksyon sa pagpapalakas ng polisiya

**Pagpapalabas sa buong bansa ng “TOKYO SUKUWAKU PROGRAM” na sariling programa ng metropolitan government**

# Ano ang TOKYO SUKUWAKU PROGRAM?



Ito ay programang sumusuporta sa
**Pagsulong･Paglaki (SUKUSUKU) ×**
**Kuryusidad/Pagsasaliksik (WAKUWAKU)**
ng mga mga kindergarten at nursery school



**Palalawigin naming ang Kuryusidad na "Ano iyon?" "Ano ito?" o kaya ay sa mga bagay na pinagkakaabalahan nilang laruin nang may kasamang Pagsasaliksik**

Halimbawa …

**Pagsasaliksik sa liwanag**



**Pagsasaliksik sa tunog**



- ✓ Natutuwa sa repleksyon ng liwanag sa tubig atbp.
- ✓ Pagdama sa vibration ng tunog gamit ang mga instrumenting pang musika

**Sa pamamagitan ng "SUKUWAKU program", susuportahan naming ang paghubog sa isip ng mga sanggol at mga bata**


Outreach

# Paglikha ng koneksyon sa pagpapalaki ng mga Bata

## Pag-iwas at pag-alis ng lungkot at pag-iisa sa pagpapaki ng mga bata sa pamamagitan ng "Koneksyon"

### Abot sa 70% ang mga tahanang may pag-aalala at suliranin sa pagpapalaki ng bata


< Tungkol sa pag-aalala at suliranin sa pagpapalaki ng bata>




(Daokumento) Nilikha ayon sa "Survey sa Komprehensiong Pagsusulong sa Edukasyon sa Tahanan 2021" ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura, Palakasan, Agham at Teknolohiya

### Nasa background nito ang lungkot at pag-iisa sa tahanan

< Kailan nararamdaman ang "lungkot" at "pag-iisa" >




(Dokumento) Nilikha ayon sa "Survey sa pag-iisa at lungkot sa pagpapalaki ng bata" (ginawa noong Oktubre 2020) na ginawa ng lokal na komunidad na "PIAZZA"

## Direksyon sa pagpapalakas ng polisiya

- Pagsasakatuparan ng detalyadong pagmomonitor sa mga pamilyang nagpapalaki ng mga anak

Proyekto ng Tokyo Metropolitan Government
sa suporta sa pagpapalaki ng anak

# Full scale na samula ng "Family Attendant" ngayong 2024 !

## Suporta sa mga munisipalidad na nagpapatupad sa Family Attendant

### Point! **Outreach-type** na suporta sa mga pamiyang nagpapalaki ng anak



- **Bibisitahin** ang pamilya na may sanggol
- Magkasamang idedeliber ang mga **supply** at **impormasyon sa pagpapalaki sa bata**

### Point! **Pamilyar na attendant para sa** mga pamilyang may pinapalaking anak

- **Makakausap** tungkol sa araw-araw na suliraning sa pagpapalaki ng anak
- **Suporta sa pamamagitan** ng "Pagsama" sa inyo sa pakikipaglaro, "Pagsama" sa inyo sa pagpunta sa mga opisina ng gobyerno, ospital atbp.



## Paglikha ng "koneksyon" sa ibang tao

Digital version


# Paglikha ng koneksyon sa pagpapalaki ng mga Bata

## Pinipigilan ang pag-aalala at suliranin ng mga pamilya tungkol sa anak at sa pagpapalaki ng anak na lumala

Hindi lamang mga **pamilyang nagpapalaki ng anak, kundi maging ang anak ay nakararamdam ng lungkot at pag-iisa at nangangailangan ng koneksyon sa ibang tao**

**< Pakiramdam ng lungkot at pag-iisa, o gustong may makausap kapag nalulungkot >**

Persentahe ng nagsabi ng "**Gusto kong may makausap**" ayon sa mga sumagot na "**nakaramdam**" ng lungkot o pag-iisa




* Nilikha ayon sa survey na ipinatupad ng Tokyo Metropolitan Government Child Policy Collaboration Office (Target ng Survey: Mga batang nakatira saTokyo (Elementarya, Junior HS, Senior HS) at Mga Magulang (Preschool, Elementarya, Junior HS, Senior HS) na umaabot sa 3,200 participant)

## Direksyon sa pagpapalakas ng polisiya

- **Pagpigil sa lungkot at pag-iisa** gamit ang **SNS atbp. tulad ng Chat consultation**

# Simula ng "Comforting Chat" ngayong 2024 !

ギュッとチャット

◦ Chat consultation kung saan maaari mong ikuwento ang iyong mga **pag-aalala at suliranin araw-araw** gamit ang SNS atbp.




## "Comforting Chat"

- ✓ Magagamit kahit hindi ibigay ang tunay na pangalan
- ✓ Makakapili mula sa iba't ibang makakausap
- ✓ Tuluy-tuloy na makakapagkonsulta sa parehong tao
- ✓ Huwag mag-atubiling sabihin ang mga bagay na
- ✓ bumabagabag sa iyo



Mga taong may malawak na karanasan sa pagbibigay ng payo gaya ng psychologist, public health nurse



Magagamit sa smartphone at PC !




## Paglikha ng "Koneksyon" sa paraang digital

# Pagsusulong ng "laro" na maghahatid ng ngiti sa mga Bata

## Para sa mga bata, ang "paglalaro" ay pagpapahusay sa kanilang kakayahan sa buhay

### Ang "pakikipaglaro sa iba't ibang tao" ang magbibigay ng magandang impluwensiya sa kanilang paglaki




（Dokument）Nilikha ayon sa resulta ng 2020 Survey on Experiential Activities for Youth Results Analysis sa mga Epekto ng Experiential Activities gamit ang 21st Century Longitudinal Survey of Born Children na isinagawa ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura, Palakasan, Agham at Teknolohiya

## Direksyon sa pagpapalakas ng polisiya

- Pagsusulong sa paglalagay ng mga palaruan gamit ang ideya ng mga bata
- Pagpapayaman ng iba't ibang oportunidad ng karanasan sa pamamagitan ng "Paglalaro"
- Pagsasanay ng mga taong susuporta sa "Paglalaro" ng mga bata
- Pagsusulong sa pag-unawa sa mga lokal na komunidad sa "Paglalaro" ng mga bata

# Paglalagay ng mga palaruan gamit ang ideya ng mga bata

Pagsuporta sa mga munisipalidad sa paggawa ng mga palaruang gumagamit ng ideya ng mga bata



Workshop



Interbyu

**Ideya ng mga bata**
**+**
**Palaruan**



On-site classes

# Pagpapayaman ng iba’t ibang oportunidad ng karanasan sa pamamagitan ng “Paglalaro”

Pagsuporta sa kagustuhan ng mga bata na subukan ang iba’t ibang bagay sa pamamgitan ng iba’t ibang event



Paglikha ng mga bagay gamit ang mga waste material



Paghuhukay ng butas



Pag-iihaw ng sweet potato sa bonfire



Monkey bridge

# Paghahatid ng halaga ng paglalaro








Pag-uusap ni Mr. Takeshi Tsuruno at Propesor Nobuko Uchida (Professor emeritus, Ochanomizu University)

# Paglikha ng kapaligiran kung saan ligtas ang mga Bata mula sa mga aksidente

## Pagsasakatuparan ng komunidad kung saan kayang tanggapin ng mga bata ang hamon nang may panatag na kalooban

### Ang bilang ng mga aksidenteng sangkot ang mga bata ay halos magkakapantay sa mga nakararaang taon




(Dokumento) Nilikha ayon sa "Aktuwal na sitwasyon ng mga aksidente mula sa emergency transport data" ng Tokyo Fire Department

## Direksyon sa pagpapalakas ng polisiya

- **Mayroong limit kung panunoorin lamang ang pagpigil sa mga aksidente na mangyari**
- **Sa pamamgitan ng "Pagbabago" ng "Bagay na Mababago" ay mapipigilan ang aksidente**

# Ano ang ibig sabihin ng "Pagbabago" ng "Bagay na Mababago"…

**Halimbawa, kapag maglalaro sa ilog**

**Ang "bagay na mababagio"** ay ang **pagkalunod sa ilog** ! Sa isang banda, ang **"Pagbabago"** ng iyong **kilos** para **magsuot ng Life jacket** ay makakapagligtas sa iyo na malunod

**Bagay na gustong mabago**

**Pagkalunod sa ilog**

**Bagay na hindi mababago**

Dami ng tubig at bilis ng anod

**Bagay na mababago**

Pagsusuot ng lifejacket



# Pagsasagawa ng mga paraang pangkontra ayon sa mga ebidensiya

- Pagsasagawa ng mga **survey at pagsasaliksik** para makaiwas sa aksidente at pagpapahayag ng mga **rekomendasyoon ayon sa siyentipikong pamamaraan**



(Halimbawa) Pagsukat sa lakas ng pangangatawan ng mga bata



(Halimbawa) 3D measurement ng galaw ng mga bata




Pagsusuri ng mga data ng mga aksidente atbp.

## Tiyakang pagpigil sa "Mapipigilang aksidente"

# Suporta para sa mga Young Carers

## Hindi masyadong kilala ang mga "Young Carer" sa pagitan ng mga apektadong henerasyon

### Hindi masyadong kilala ang mga "Young Carer" sa pagitan ng mga apektadong henerasyon




(Dokumento) Nilikha ayon sa "Survey at Pagsasaliksik sa Aktuwal na Sitwasyon ng Young Carers ng 2020" at "Survey at Pagsasaliksik sa Aktuwal na _Sitwasyon ng Young Carers ng 2021" na isinagawa ng Kagawaran ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan" (* Ang bawat henerasyon ay sinurvey sa magkaibang panahon)

## Direksyon sa pagpapalakas ng polisiya

- Pagsusulong ng paglikha ng kapaligiran na **maagang makikilala** ang mga Young Carer
- Pagpapatibay sa pundasyon ng **multi-institutional collaboration** at information sharing system
- Pagpapalawak ng **iba't iba at tuluy-tuloy na suporta** para sa mga Young Carer
- Pagpapatibay ng suporta para sa mga **pangangailangan ng buong Pamilya** ng mga Young Carer

# Young Carer support homepage
# Paglikha ng "Young Carer Hiroba"




## ✓ Point 1

**Pagdalo** ng mga Young Carer sa **proseso ng paggawa ng HP**





Sa panahon ng workshop

## ✓ Point 2

**Paggawa ng mga content** na magpapalalim sa **pag-unawa** tungkol sa mga Young Carer




Animaton




Dokyumentaryo

**Estratehikong pagpapalaganap ng Homepage**

**⇒ Pagpapabuti sa social awareness ng mga Young Carer**


# Suporta para sa mga Bata na ang sariling wika ay hindi Hapones

## Iba't ibang suporta na sadya ayon sa aktuwal na sitwasyon ng bawat indibidwal

**Ang bilang ng mga estudyante sa Tokyo na kailangang turuan ng wikang Hapon ay**

**Tumaas ng x1.6 sa nakaraang 10 taon**

**Mga Bata/Estudyante na kailangang turuan ng wikang hapon (Metro)**




(Dokumento) Nilikha ayon sa "Survey sa Estado ng Pagtanggap ng mga Estudyante na kailangang turuan ng wikang Hapon" (2012) na isinagawa ng Kagawaran ng Edukasyon, Kulturam Palakasan, Agham at Teknolohiya at "Survey sa Estado ng Pagtanggap ng mga Estudyante na kailangang turuan ng wikang Hapon" (2020) na isinagawa ng Tokyo Metropolitan Board of Education

## Direksyon sa pagpapalakas ng polisiya

- Pagpapayaman ng mga oportunidad sa pag-aaral ng wikang Hapon
- Suporta sa pagkuha ng mga skill na kailangan sa araw-araw na pamumuhay
- Pagsusulong ng isang Sistema ng konsultasyon at paglikha lugar na mapupuntahan ayon sa perspektibo ng isang bata

# Paglalayon sa isang komunidad kung saan ang mga batang hindi wikang Hapon ang pangunahing wika ay magkakaroon ng aktibong papel sa sarili nilang paraan

Pagsuporta sa mga munisipalidad na nagsisikap na lumikha ng lugar para sa mga batang hindi wikang Hapon ang pangunahing wika

## Multicultural Kids Salon
Lugar sa “Pag-aaral” “Konsultasyon” at “Interkasyon”

### Pag-aaral



**Suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon** na sadya para sa bawat indibidwal

### Konsultasyon



**Atentibo at detalyadong konsultasyon** para sa agam-agam at pag-aalala ng mga bata at magulang

### Interaksyon




Lumikha ng koneksyon sa maraming tao, at susuporta mula sa **pangkaisipan at araw-araw an aspeto ng buhay**

# Pangangalaga sa kalusugan ng mga Bata

## Pagsusulong sa kalusugan ng Kabataan sa pamamagitan ng pagresolba sa mga suliranin sa kalusugan particular sa pagbibinata o pagdadalaga

**Tungkol sa kalusugan ng nagbibinata at nagdadalaga, isa sa dalawang bata sa junior at senior high school ang may interes sa bagay tungkol sa katawan** (pangalawang karakteristikang sekswal) **at pag-iisp** (depresyon atbp.)

Q. Anong mga paksa tungkol sa kalusugan ng nasa junior at senior highschool ang intersado ka?




n=5,000
* Maramihang sagot
* Partial excerpt mula sa isang anonymous survey ng mga SNS user (Ginawa mula Disyembre 5 ~ 14, 2023)

## Direksyon sa pagpapalakas ng polisiya

- **Pagpapatibay ng pagpapalabas ng impormasyon ayon sa tinig ng mga kabataan**
- **Pagsusulong sa paglikha ng consultation environment mula sa perspektibo ng kabataan**

# Pagpapalabas ng mga impormasyon sa kalusugan na nais malaman ng mga nagbibinata at nagdadalaga na mula sa pananaw ng mga kabataan

TOKYO YOUTH HEALTHCARE

- Health/medical site simula sa 10 device -




## Pagpapalabas ng impormasyon na nais malaman ng mga kabataan

- ✓ Pagpapalabas ng mga artikulo ayon sa survey sa kabataan
- ✓ Emergency contraception, mga eating disorder, sexual diversity atbp.



## Wasto at ligtas sa ilalim ng pangangasiwa ng mga eksperto

- ✓ Pangangasiwaan ng maraming eksperto mula sa iba't ibang angulo
- ✓ Suporta sa pagkuha ng impormasyon para sa mga Kabataan na gumagamit ng internet araw-araw



## Homepage na madaling basahin ayon sa ideya ng mga kabataan


- ✓ Disenyo mula sa perspektibo ng henerasyon ng mga Kabataang sanay sa paraang digital
- ✓ High operability na magagamit sa iba't ibang device

# Pagpapalaki sa mga batang nag-aaral

## Isang "Tokyo" kung saan ang mga batang hindi maka-angkop sa buhay estudyante ay makakapamuhay sa sarili nilang paraan

## ~ Kung ano ka sa sarili mo ~

Pagbabago sa bilang ng mga bata na hindi pumapasok sa paaralan (Metro)




(Dokumento) Nilikha ayon sa "Survey sa mga suliranin nauugnay sa patnubay sa mga estudyante, tulad ng mga suliranin sa pag-uugali ng estudyante at pagtangging pumasok sa paaralan" na isinagawa ng Tokyo Metropolitan Ahency for Education, at "Aktwal na kalagayan ng problema sa pag-uugali at pagtanggi ng mga estudyante na pumasok sa mga pribadong paaralan sa Tokyo, mula sa Kagawaran ng Buhay, Kultura at Palakasan.

## Direksyon sa pagpapalakas ng polisiya

- **Simula ng suporta sa mga gumagamit ng Free school atbp.**
- **Simula ng suporta sa mga Free school na ang layunin ay pabutihin ang suporta sa mga aktibida ng mga bata**
- **Simula ng pagsasaliksik sa iba't ibang pag-aaral sa labas ng paaralan**

## Pagbabawas sa bayad sa paggamit ng Free school

**Bago** Pag-subsidize ng mga bayad para sa mga bata na nasa compulsory education stage na hindi pumapasok sa paaralan (Limit: 20,000 yen bawat buwan)


## Suporta sa mga free school na nais pasukan ng mga bata ayon sa kanilang perspektibo

**Bago** Pag-subsidize ng mga bayad na kailangan sa pagpapayaman ng mga aktibidad para sa karanasan at pagpapabuti ng kaligtasan atbp.

## Pagsasaliksik ng iba't ibang pag-aaral sa labas ng paaralan

**Bago** Paglikha ng paraan upang ilabas ang interes ng mga bata at magamit nang husto ang kanilang intelektuwal na kuryusidad

**Pagpaparami ng mga opsyon sa pag-aaral at pamumuhay** para sa mga batang nahihirapang umangkop sa buhay- eskuwela




# Pagsusulong ng Smile Movement ng mga bata

## Pakikipagtulungan sa iba't ibang mga kompanya at organisasyon upang pagyamanin ang momentum tungo sa "Komunidad na nagpapahalaga sa mga bata"

### Kaunti lamang na mga tao ang nakararamdam na mabait at mapang-unawa ang komunidad tungo sa pagpapalaki ng mga bata

Persentahe ng mga tao na nagsasabi na "Madali ang magkaroon at magpalaki ng anak " sa aking banda




Dahilan upang isipin na Madali ang magkaroon at magpalaki ng anak sa Japan

| | |
|---|---|
| Lokal na seguridad | 52.0% |
| Kumpletong pangangalagang medikal simula pagbubuntis hanggang matapos manganak | 46.1% |
| Suporta at bawas sa mga bayad sa pag-aaral | 39.0% |
| ⋮ | ⋮ |
| **Ang komunidad sa kabuuan ay mabuti at nauunawaan ang tungkl sa panganganak at pagpapalaki ng anak** | **8.6%** |

(Dokumento) Inihanda ayon sa 2020 International Awareness Survey Report on society with Declining Birthrate mula sa Tanggapan ng Gabinete

## Direksyon sa pagpapalakas ng polisiya

- **Pagpapapabilis sa galaw sa pamamagitan ng pagpapatibay sa pagpapalabas ng impormasyon**
- **Suporta sa mga aksyon ng mga Kumpanya/Organisasyon**
- **Pagpapalawak ng mga oportunidad para makalahok at magkaroon ng karanasan ang mga bata**

# Gawing mas exciting ang Movement

✓ **Malawakang pagpaparating ng mga konsepto at mensahe mula sa mga kilalang aktibong personalidad sa iba’t ibang field**

**Pagsusulong ng “Smile Movement ng mga bata”**








Seryosong pagsagot ng mga ambassador sa tanong ng mga batang journalist

✓ **Suporta sa mga aksyon ng mga kompanya at organisasyong kalahok sa “Pagpapahalaga sa mga bata” movement**




**1,570 na organisasyon ang lumahok**
(Hanggang Enero 2024)



Pagkilala sa mga kompanya/organisasyon na nauna nang nagsagawa ng mga aktibidad

Pagsasagawa ng mga networking event para sa mga kompanya at organisasyon at paggawa ng iba’t ibang oportunidad para sa karanasan ng mga bata




# Pagsusulong ng “Ikugyo” *

* Ibang tawag sa Childcare Leave

**Ang pag-aalaga ng anak ay hindi “Bakasyon” kundi isang mahalagang gawain na humuhubog sa kinabukasan**
**Hindi “Ikukyu” leave sa pag-aalaga kundi “Ikugyo”**

## Kumpara sa mga babae, mas mababa nang husto ang persentahe ng mga lalaking kumukuha ng Ikugyo

**Trend sa pagkuha ng edukasyon sa pag-aalaga ng bata ayon sa kasarian sa Tokyo**




(Dokumento) Nilikha ayon sa “FY2020 Tokyo Metropolitan Gender Equality Employment Participation Situation Survey Results Report”ng Tokyo Metropolitan Bureau of Industrial and Labor Affairs

## Direksyon sa pagpapalakas ng polisiya

Madaling mag- “Ikugyo”
**Paggawa ng momentum sa komunidad**

Pagsusulong ng
**Ikugyo sa mga lalaki**

Pagpapalabas ng impormasyon ayon sa
**Evidence**

**Paglapit sa malalaking kompanya** na naka-pokus sa Tokyo Metropolitan

**Pagbabalanse sa pag-aalaga ng anak at trabaho**

## Mind change sa komunidad sa kabuuan





- Pagpapahayag ng **pilosopiya ng "Ikugyo"** sa pamamamagitan n ng mga bidyo

## Bagong approach sa pagpapabuti ng kapaligiran sa trabaho

- Pagsuporta sa mga pagsisikap ng mga kompanya na **magbigay ng mga allowance sa "kasamahan ng mga taong sumasailalim sa "Ikugyo"**



## Pagbibigay ng impormasyon ayon sa Evidence




- Survey at publication **upang malaman kung gaano kahalaga sa mga estudyanteng naghahanap ng trabaho ang "Ikugyo"**




TOKYO
METROPOLITAN
GOVERNMENT

Aksyon para sa kinabukasan ng mga bata 2024